**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

# TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[Aired on 31 August 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Now, gustong malaman ng taong-bayan 'yung pera nila. Now, if you think that you really want to know the truth how the money is spent, kung may corruption ba, makinig lang ho kayo.

Ngayon, kami by our oath of office, we are mandated to tell the truth. By the nature of our trabaho, talagang obligado kami na magsabi ng totoo even if 'yung totoo makapasira sa amin. Me, in many instances, faults, plenty, and every time I tried to explain to the people bakit ganoon, why I erred in a certain public statement or public gestures kung ano. Sinasabi ko sa inyo ang totoo na ganoon pala.

So ano ang sabihin ko, iyan talaga ang totoo at galing 'yan sa mga departamento ng mga Gabinete tumutulong sa akin. Kasi 'yung report nila, report ko 'yan. Sa batas kasi shadow lang 'yan mga Cabinet members ng presidente kasi hindi ko kaya lahat ang trabaho ko. The Department of Foreign Affairs, hindi naman ako puwedeng magpunta doon araw-araw --- the Department of Labor, Department of DSWD, Department of DILG.

So they work and they show me the result and 'yung mga pera na binibigay ng Congress 'yung sa budget paano nila nigasto at paano nagawa na --- magawa 'yung report na that would make things very clear for everybody especially the Filipino people.

Ngayon, pulitika ngayon mga… Hindi ako namumulitika. Pero huwag ninyong paniwalaan kaagad 'yang sinasabi diyan sa Kongreso lalo na 'yang mga congressman. Puro daldal lang 'yan ang sinabi ko. Wala… Para lang makaporma, para lang makaporma kasi eleksyon na.

Ang hinihingi ko sa taong-bayan 'yung lahat na senador --- ito kung pagbigyan lang ninyo ako --- 'yung lahat ng senador tumatakbo talunin ninyo. Huwag ninyong ibalik sa Senado kasi magdaldal nang magdaldal na rin 'yan at mag-show off, parang magyabang.

Marami 'yan, lalo na itong si Gordon. Makita mo si Gordon sa mga TV pagka-committee hearing niya makita mo maraming mga congressman 'pag roll call. Pero dahan-dahan 'yan mawala kasi si Gordon ang champion noon nanalo sa --- ilang taon ba, anong taon ba 'yon? --- siya ang nanalo sa "talkathon." Champion. Lahat puro daldal. Kanya ang tanong, kanya 'yung sagot, at siya magsabi kung mali ka o hindi. Anak ng…

Ilang beses na 'yan manood kayo, kayong Pilipino matagal na kayo eh nanonood kayo, ganyan si Gordon. Gordon is Gordon. Hindi 'yan si Gordon for the Filipino people. Maniwala ka diyan, puro English lang 'yan. Wala mag… Sabi na magpakulong... Sinong napakulong niya beh sa anomalya ng gobyerno? Sino? At ang malaman lang sabihin Gordon magsalita, magsalita 'yan. Tingnan mo ngayong eleksyon, bigyan 'yan sila 30 minutes, magsalita ng isang oras 'yan. Ganoon 'yan, talkathon nga.

Hindi ko malaman na, you know, I'm sure that kayo bang mga, well, of course, the Filipino people: Have you noticed anything that is right or wrong here? Na nagsasalita 'yung tao, "Ah hindi ganoon..." Tapos, "Ah ito ba, ito ba ay correct?" "Ito ba ay…?" Leading questions, eh dalhin nila 'yung --- bugbugin seven hours. Seven hours bugbugin mo ang tao ng tanong, mawawala talaga 'yan maski ako tanungin mo. Sometimes they do that. I think the last time was about seven hours the longest.

Baligtarin mo para kang German interrogators noon sa Nazi. Baligtarin ka nang baligtarin, "Oh 'di ba ganito 'yan?" Hanggang 'yung pati si Lao natu --- natutulala na. Maski abugado diyan seven hours kanya-kanyang question. Wala namang kahalagahan 'yung mga questions lalo na si Gordon. Siya ang magtanong kaya --- pagka si Gordon na ang magtanong, mawala 'yung mga tao pati 'yung mga senador katabi niya.

Hindi ba ninyo nahalata sa TV siya lang mag-isa? And I'm sure Gordon realizes or have realized it a very long time ago that he has that nasty practice of depriving others of asking questions. But, you know, the guy simply wants to talk and show off to the world that he is a bright boy. Wala mang question 'yan pareho man tayo abugado, pumasa tayo sa bar. Iisa lang naman 'yan.

Pero iba ka adre. Ang advice ko sa iyo magpapayat ka muna para medyo… Nalilipong ako 'pag tinitingnan kita. P***** i**. Huwag mong putulin 'yan ha. Totoo 'yan. Pati 'yung buhok mo ngayon iba na ang hinapay. Lahat kayo pati si Ping iba ang hairdo.

Si Ping naman silang dalawa ni Gordon nag-usap, sabi ni Gordon about Duque resigning, may ganoon na demand to resign, pumasok naman itong si Ping, "'Di ba tayo lang ang puwedeng magpa-resign ng si Duque?" Tama naman si Gordon na, "Hindi maski anybody…?" Ping, anybody can demand your resignation maski na ice cream vendor. Depende na lang kung sasagot ka o hindi, because there will be questions in the days to come na lalabas.
Semento, well, marami pa.

Nagpunta dito 'yung mga kalaban mo, nagbigay rin ng dokumento, so babasahin namin 'yan. Now, ito, itong… Itong star witness ninyo na isa, itong si Acierto. Itong walang-hiya na pulis, wala na, napaalis na. Iyon 'yung g*** na 'yon, magbu-build up siya ng kaso kunwari siya ang magbigay ng dossier, mga report, mga intel ano pero siya lang ang gumagawa, siya mag-isa --- nakita ko ito kay Michael Yang --- siya lang ang kanyang --- siya lang ang nagbibigay ng mga information about Michael Yang. Tapos pino-program na nila because Acierto was one of the top kidnappers dito sa Pilipinas. P***** i** mo. Leche ka. Huwag mo kaming bolahin. Ayan alam na ng buong pulis pera-pera ka lang. Buti't nawala ka na sa pulis.

Iyang report mo nandito oh, kay Michael Yang, isa ka lang. You are the only one reporting against Michael Yang. Well, I'll tell you something, Michael Yang has been in business here in the Philippines for 20 years. Nag-umpisa 'yan dito sa Davao. Pumunta sa akin 'yan, I remember distinctly kasi break 'yun ng command conference. Seated beside me was the officers of the police department of Davao City pati si Isidro Lapeña who is now the Secretary of TESDA.

Iyan, pumasok 'yan doon kasi si Sammy Uy, isang kaibigan ko. Boarder 'yan, family friend, boarder 'yan sa amin noon nag-eskwela pa. Hindi 'yan sabihin mo Intsik-Intsik na kinukunan ko ng pera. You disabuse your mind. Iyan lang ang pagtakhan ninyo. Iyan ang problema

ninyo eh because you are a --- lalo na si Gordon. He is afflicted with Sinophobia. Galit 'yan sa Intsik. Ewan ko, Amerikano kasi eh.

Ngayon, 'yang Michael Yang na 'yan, you know now for 20 years 'yan. Now, ngayon may --- saan 'yung picture? Saan 'yung…? Hindi ko mahanap 'yung… Ito si Michael Yang, kasama negosyante. Ito karam --- ang uban (others) ang karamihan nito pumasok sa bidding sa lahat ng negosyo dito sa Pilipinas. Akala ko ba nagbi --- nag… T*** i**.

Akala ko ba we are inviting investors? That's why I went to China several times to ask them to help us. Investments, iyong pera nila ibuhos nila dito para magkaroon tayo. Now kung kulang, kung wala… Well, 'yang bridge diyan sa [Estrella-Pantaleon] ba 'yan? Iyan libre 'yan, gratis.

Ito 'yung mga Chinese na nandoon 'yan kung nandoon si Xi Jinping. Itong Michael Yang na ito kasama palagi kung makipagkita sa akin si Ambassador, 'yung the previous one? Si Zhao, 'yung na-transfer ngayon sa Indonesia. Oh 'di tawagin natin.

Kaya bakit ako magduda? Bakit ako magsabi na drug lord siya? Si Zhao 'pag nagpunta ng Davao, doon natutulog sa bahay niya. Si Zhao… Alam mo Zhao is a colonel of the PLA. Doble 'yan sila, military pati… Dito, mag-resign --- ah mag-retire ka o mag-resign ka. Doon… G***hin mo kaya 'yan? Magpayag kaya 'yan?

Iyang Acierto na 'yan… Well, for all you know, ikaw sinusundan ka na. Baka balang-araw --- alam mo maraming project ang Intsik dito. Ganoon...

Matagal na 'yan. Ang una lang niya 'yung cellphone na ano, lahat sa palengke. Kaya sa Davao ang unang pinakamarami pati ice cream vendor nakapag-text na maski saan, maski 'yang mga bugoy diyan sa ano kasi consignment tapos dahan-dahan bayad. Diyan 'yan siya nag-umpisa. After three years, nag-expand. Iyong tindahan niya halos kalahati --- kalahating bloke na. Oh kalahating bloke sa China Town. Department store niya 'yan. Tapos magpunta ako sa China, pinapakilala ako nitong mga 'to at lahat.

At ito, hindi ito kung totoo, bubulungan kami ng Chinese intelligence na, "Huwag 'yan. Huwag ninyong i-ano 'yan, ipapasok o do not allow him to…" Kasi kaibigan ako ng China, sasabihin sa akin ang totoo. Kaya hindi makakapasok 'yang mga 'yan kung sabihin ninyo na nagdodroga kasi itong unang pagsabi niya, "Magnegosyo ako sa dito sa Davao…" sa… Ang sagot ko sa kanya --- nandiyan si Isidro Lapeña, Colonel Lapeña noon, Chief of Police sa Davao --- sabi ko, "Huwag kang pumasok sa droga kasi ibabaon kita nang buhay." Kaya namutla ito. Sabi niya, "Hindi, ano…" Hindi makasalita eh. Ngayon marunong na magsalita. "Ako, ako kilala man doon si Duterte kaya siya na lang ang magsabi ng totoo kung sino ako."

Twenty years, tanungin mo mga taga-Davao. Tanungin ninyo ang mga taga-Davao ang tindahan niya pati sino 'yan. Bakit ka magsabi na kidnapper? Anak ng jueteng, sidekick ni Zhao 'yang panahon na 'yon. Tanungin ninyo si Zhao. Magpayag kaya 'yan ang matalo mo?

Ang China ang nakikinig sa kanila nila Acierto. Hindi sila nakikinig dito sa mga ano. Pinapakinggan kayo lahat ng China. Pinapakinggan din kayo ng Amerikano, Russia, lahat. Pero huwag kamo sabihin mo na umasa ka.

Alam ko lang, sinerbatohan na ako. Marami kayong Chinese na kinidnap (kidnap) na pinatay, na binigay na ang pera, ganoon pa rin. Iyan ang masaklap ninyo, Acierto. Binigyan na ng pera, ransom money, patay pa rin. So ‘yan si Michael Yang.

Maunahan ko na lang. Sabihin naman ni Secretary Duque. Itong --- itong… Ang una si Secretary Bello sa Labor. Then magsalita ako sandali, then next, para ito maintindihan ninyo. Itong imbestigasyon ng ano, ng Congress, dalawa ito magkahiwalay. Iyong unspent finilag (flag) sila ng ano na bakit hanggang ngayon nandiyan pa ‘yung pera, hindi pa naubos, hindi pa ninyo nagastos? Iba ‘yun.

Ito namang isang --- ‘yung procurement ng DBM. Ngayon eh bakit DBM ay dapat DOH ‘yan? Eh mag si… Pero sabihin ko sa iyo hindi nila kaya magbili ng ganoon karami na libo tapos walang milyon. I mean, libo ang mask, shield. Billion ‘yun. Provided buong Pilipinas binibigyan noon. Binibigay ng gobyerno.

Siya na ang mag-explain further but I will read it after the report of Bebot Bello and after the report of Secretary Duque. Magsingit ako. Babasahin ko lang.

Ladies and gentlemen, the… Si Bebot raw, Bebot is kasama ko sa dormitoryo, si Dulay, magkaharap kami. I have known Bello for several years. Pumunta rin ito ng Davao kasi ‘yung asawa niya taga-Davao at nagtrabaho rin doon sa city hall sa panahon ng father-in-law niya.

Bebot is clean. Kilala kami, kilala ko ‘yung bituka niya. So hindi ako --- hindi ako nagkakampanya, pero kung baka feel ninyo, Ilokano ito. Itong Gabinete ko puro Ilokano na ‘to. Itong mga military, lahat – Lorenzana, Ilokano, puro ‘yan sila --- TESDA, Ilokano; Housing, Ilokano.

Eh kasi puro sundalo kasi gusto ko sundalo kasi ‘pag utusan mo, gagawin, may resulta. At ‘yung rul --- ‘yung sabihin mo, utusan mo, “Ito ang gusto kong resulta,” ginagawa at mabilis. Iyan ang gusto ko at mabilis.

Kagaya noon, “Ano ba ang ano, ang gobyerno, wala kayong ginagawa ang bawal, ano ba ito serbisyo? Ngayon mabilis na, tapos bilisan ang medicine… Ako ang nag-utos kay Duque, noong nag --- nag ---- nag-ano kami, hindi dito, may Cabinet meeting kami niyan, ginanoon ko ‘yung kamay ko, mahilig ako magganoon eh, “I want it done immediately.”

Sabi ko sa kanya, “Huwag mo --- it’s not one day --- one month, two months, it’s one day, two days ka lang.” Ako ang nagsabi sa kanya, “I am sure…” Ito ‘yung words ko, review-hin ninyo ‘yung tape, “I am sure there is a law which would exempt you from bidding.” Hindi na kailangan mag-bidding, mamadalian ‘to, pandemic eh.

Lahat tayo nakatago sa bahay. So ang minabuti ni Duque, nag-bidding pa rin. Pero nag-bidding na, ibig sabihin ‘yung pinakababa… T*** i**. Ganoon rin ang istorya, marami pa ring daldal. Susmaryosep. Para lang makakita ng panahon na --- na Ping, isa ‘yan. Itong si Gordon, ito hindi magpa --- magpalugi ‘yan.

Well, ngayon, si Imee. Medyo kasi ‘yang si Imee, ganito ang laro niyan eh, pinupuntahan niya si Mayor Sa --- Duterte sa Davao hoping na magtakbong --- kung magtakbo ‘yun, siya ang maging bise. Eh hindi naman tatakbo, sabi niya. Sabi ni Mayor Dut --- Sara Duterte eh hindi siya magtakbo. Eh ‘di sabi ko magtakbo ako ng vice president. Bakit? Walang

oposisyon eh. Hindi man manalo ‘yang oposisyon na ‘yan. Sigurado ako, ‘yung Otso Diretso, ulit na naman ‘yun. Walang ipinakita sa Pilipinas eh.

Pati ‘yung bidding --- bidding ng mga protective gear. Protective gear ba ‘yun? *[Sec. Duque: PPEs, sir. PPEs.]* PPE, protective gear. Nagbili na ang past administration niyan. Hindi pa kasing kasagsagan ng academ --- ah ng pandemic.

They bought it at 3,000 plus. Atin, dito, we bought it something like one --- one? *[Sec. Duque: 1,700, sir. 1,700.]* 1,700 lang ang bili natin. Itong last administration, nandiyan ‘yung papel hanggang ngayon, COA, hindi kayo nagtaka na noong administrasyon nung dumaan nagbili 3,000, 3,500? Ito binili 1,700. Bidding ba ‘yun?

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Yes, sir. PS-DBM po ang bumili at 1,700 thereabouts through a negotiated mode of procurement, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Which is allowed by law. Pagka madalian kasi ‘yang bidding 30 days. Alam mo ito, gagalaw itong gobyerno, ang tagal ng lamesa dadaanan niyan. Kaya sabi ko “go to negotiated contracts.” Ako ang nag-utos. Ako ‘yung ipakulong nila.

Pero tingnan mo naman ang presyo, wala pa masyadong, I said, kasagsagan ng pandemya, 3,500 ‘yung kanila, ‘yung nag-iingay. Itong gobyerno na ito, bumili 1,700.

Ngayon, kayong mga Pilipino, sinasabi ko mag --- mag-isip kayo. Kung itong mga --- itong mga ito babalik sa ano, my suggestion is: Mag, mag, mag --- hindi kailangan galing sa partido ko o susuportahan ko. Not necessarily na ako mismo ang mag… Kayo pero ‘yang…

Iyang Gordon na ‘yan alisin na ninyo ‘yan sa ano, pa --- hindi naman… Pahinga ka na lang at magturo ka na lang ng ano voice and diction, pati grammar, pati how to --- how not --- ah how to talk and not be understood at all.

Ladies and gentlemen, I present Secretary Bello to make his report.

**DOLE SECRETARY SILVESTRE BELLO III:** Thank you, Mr. President, Senator Bong Go, Executive Secretary…

**PRESIDENT DUTERTE:** Bot, ilakas --- ilapit mo ‘yang ano mo. Hindi ka marinig sa Isabela.

**SEC. BELLO:** *[laughs]* Thank you. Executive Secretary Medialdea, mga kasamahan ko sa Gabinete, mga minamahal kong kababayan, magandang gabi po sa inyong lahat.

Payagan niyo po na aking ibahagi ang bunga ng aming pagsisikap, ang serbisyong DOLE, disenteng trabaho para sa manggagawang Pilipino.

Mr. President, bago ang inyong administrasyon, ang pinakamababang unemployment rate na natamo ay 6.3 percent noong 2015, habang ang pinakamababang underemployment rate ay 18.4 percent noong 2014.

Pagpasok ng inyong administrasyon, nakamit natin ang pinakamababang lebel ng unemployment rate of 5.1 percent at underemployment rate of 14 percent. Nadale lang po tayo noong pandemya noong Marso 2020, Mr. President. Ganunpaman ay unti-unti na nating

nababawi ang mababang unemployment at underemployment rates. Ito po ay bunga ng inyong suporta sa mga programa at proyekto para sa mga manggagawa sa pamamagitan ng mas pinalaking pondo sa nakaraang limang taon.

Ang kasalukuyang administrasyon, Mr. President ay tumaas ang pondo ng DOLE by 142.8 percent. Samantalang tumaas naman ng 545 percent ang pondo ng TUPAD at GIP. Ang GIP po means, Government Internship Program, at 'yung TUPAD po is Tulong sa Paghanapbuhay Para sa mga Disadvantaged workers. Ito po ay para mas matulungan ang mas maraming manggagawa.

Mr. President, malinaw ang hangarin ng DOLE na magkaroon ng mga oportunidad ng disenteng trabaho dito sa bansa. Ngunit kung ang nais ng ating mga kababayan ang mangibang bansa, handa naman ang DOLE na bigyan sila ng sapat na proteksyon mula sa kanilang pag-alis hanggang pagbalik sa ating bansa.

Ating sinisiguro na maayos ang kanilang mga dokumento, kaya, Mr. President, under your term itinayo natin ang 18 one-stop shop service centers for OFWs sa iba't ibang bahagi ng bansa upang mapabilis ang pagpoproseso ng mga papeles ng ating mga kababayan.

Pinaigting din ang kampanya laban sa illegal recruitment kaya nagkaroon ng 32 convictions for illegal recruitment.  Mr. President…

**PRESIDENT DUTERTE:** Bot, Bot, sandali. Itong --- ito bang illegal recruitment. This is a widespread crime committed by different people. At marami akong --- well, tayo nakita natin 'yung mga victims na kawawa na dumating sa ibang bayan parang natulala, hindi nila malaman kung paano nangyari 'yan. And to think that they had to sell their land, borrow, beg, borrow carabao sa mga rural areas.

I would need a stronger --- itong sa recruitment --- whether it's manpower or a --- a very strong police punitive action. Alam mo sa totoo lang, Bot, gusto kong patayin 'tong mga 'to kung --- kung mapatay ko lang sa ginagawa nilang --- sa kapwa tao nila, mawalaan na ng pera, magpunta pa ng bayan, makulong doon kasi illegal eh, fake, falsified, fraud na hindi naman nila kasalanan.

So parang masakit masyado ako every time may… Gusto kong --- ako, sa totoo lang gusto kong umupo diyan sa opisina mo sa illegal recruitment. Ako mismo ang magpatakbo kasi itong mga walang-hiya talaga 'to. Iyong iba naaareglo because they have the money, they have earned so much money throughout these years that kung may masabit sila, bail, although it is non-bailable.

Kaya 'yung iba --- well, they managed to… Alam mo how --- how --- how fractured this government is. I must admit, it is fractured. If we cannot help one single fraud committed against a citizen, fractured ka na. So hindi na kailangan na thousands talaga ang maapektuhan. Pero kindly do something about… Gusto kong mag-ano, mag --- mag-create ng office at mag --- maggawa ng isang unit ng PNP. Tingnan mo 'yung ma-vet nang husto, matingnan iyong mga…

Marami kasi sa PNP ngayon is medyo may kalokohan talaga na maisip. So, pero wa --- hindi, kakaunti lang 'yan pero alam mo na baka it would --- instead of, you know, making it pleasant, it would be far worse than what it is now. Gusto kong mag-create ng --- nandito

man si Secretary Año --- gusto kong mag-create ng Anti-Illegal Task Force, diyan mismo sa…

**SEC. BELLO:** Mr. President, right now there is a task force on illegal recruitment, and it is headed by the Department of Justice with DILG, DOH and DOLE, being members of the task force, including the, I think, with the PNP.

**PRESIDENT DUTERTE:** Masyadong circuitous 'yan, Bot. Either throw it to the police, ideally it should be CIDG or NBI, or para talagang ma-focus, mag-create ako ng… I will request Secretary Año to assign 'yung --- maraming bago eh na I give them about two months of lectures and training about labor laws and about crime, how to ano lang, the law of arrest, search and seizure lang naman 'yan eh. Iyan lang naman ang ano nila, the law of arrest, search and seizure. Iyan lang ang kailangan ng pulis, wala ng iba. And I would be glad to --- kasi nag-lecturer ako noon sa Police Academy sa Davao. If you can arrange one day kung ma-constitute na sila, and I will give the same lecture, about half a day so that preparado sila, hindi sila takot.

Alam mo, may isang araw may pulis na from dito sa Maynila. Gusto niya na maglipat sa headquarters sa Crame. Sabi ko, "Bakit? Bakit gusto mong…? Hindi ka na ba kuntento sa trabaho mo na 'yan?" Ayaw ko, lalo na 'yung bata pa, ayaw ko --- gusto mong assignment na ano. Magpakatanda muna kayo sa SAF o ganoon. Ayaw ko 'yung easy life kaagad, bagong pasok.

Sabi niya, "Sir, marami kasi kaming operations. Tapos, alam mo, sir, okay lang 'yan, pero pagka mawala ka na baka habulin kami." Kasi may CHR talaga nakabuntot palagi sa mga g***. So that's a problem. But, you know, 'yung Human Rights must be there. I agree that they have to protect the human rights of the innocents, 'yung mga innocents. But 'yung mga guilty, eh sus.

If you can create, you just confer with --- 'yang parang medyo malaki kaunti and we can provide them with the logistics, sasakyan, and they can always go to the --- for intelligence purposes, puwede man silang kumuha, maghanap sila ng tulong diyan sa iyang --- alam mo na kung anong klaseng tulong makuha nila diyan.

So you fortify the anti-illegal task force unit. Okay na 'yung iba. But I want 'yung may mag-ano 'pag may mag-report, follow up kaagad pulis. Tapos, alam mo sa totoo lang, itong --- itong wala itong mga kaluluwa eh. Kaya sige lang. Alam mo, marunong ang Diyos eh. Maaabutan rin kayo sa mga a***** kayo. Thank you.

**SEC. BELLO:** Thank you, Mr. President. We will ano, we will ask the support of Secretary Ed.

And then in 2018, Mr. President, we established 'yung OFW Bank. Ito 'yung bangko para sa mga OFWs.

Mr. President, habang nasa ibang bansa ang mga OFWs, patuloy natin silang binibigyan ng proteksyon sa pamamagitan ng mga nilagdaang bilateral labor agreements at ASEAN consensus on the protection and promotion of the rights of migrant workers na nagsasaad ng mga tamang kondisyon for employments para sa ating mga OFWs.

Patuloy din ang mga serbisyong binibigay ng ating mga Philippine Overseas Labor Office, POLOs for short. Sa inyong pamumuno, Mr. President, ay nabuksan ang karagdagang POLOs sa Germany, sa New Zealand, sa Osaka, Los Angeles, Morocco, at Czech Republic. Bago po matapos ang inyong termino, Mr. President, inaasahan ko po na mabuksan pa ng karagdagang POLOs sa Thailand, sa Beijing, Shanghai, Shenzhen, Russia, and Mexico.

Sa kanilang pagbabalik, Mr. President, nakahanda naman ang ating pinalawak na reintegration program kung saan nabibigyan natin sila ng pangkabuhayan at oportunidad sa trabaho. Sa panahon ng inyong administration, nakapagbigay po tayo ng calamity assistance sa 301,943 OFW families na mga biktima ng bagyo, lindol, volcanic eruption, at kasama na rin ang Marawi siege.

Mr. President, alinsunod sa inyong utos na wakasan ang endo, agad pinaigting ng DOLE ang pagpapatupad ng mga labor standards at occupational safety and health standards kasama na ang karapatan ng mga manggagawa sa kanilang constitutional security of tenure.

Mahigit 379,000 na kompanya sa buong bansa ang na-inspect ng DOLE na nag-resulta sa regularization ng mahigit 631,000 workers. Malaking tulong po dito ang dagdag na mga 710 labor inspectors because of you, Mr. President. Maraming salamat po.

Patuloy na sinisiguro ng DOLE ang mabilis na pagresolba ng mga labor disputes. Sa kabuuan, naresolba natin ang mahigit na 540,000 cases pabor sa 2,174,000 na manggagawa na may halagang mahigit 99 billion in awards.

Tumaas din ang sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor by 17 pesos to 39.5 pesos. At ang mga kasambahay mula 500 to 2,000 bunga ng mga nailabas na wage orders ng Department of Labor.

Upang masiguro na ang mga kabataan ay handa sa pagsabak sa trabaho, nagbigay po ng kasanayan, internship, at temporary employment ang DOLE. Pinalakas din po ng DOLE ang kapasidad ng Public Employment Service Office, PESO for short, upang makapagbigay ng mas magandang serbisyo sa ating mga job seekers. Dahil dito, mayroong 1,398,000 job seekers ang nakahanap ng trabaho sa tulong ng PESOs.

Upang bigyang ng proteksyon ang mga manggagawa laban sa kawalan ng hanapbuhay at kita, lalo na sa panahon ng krisis, ang DOLE ay nagbigay ng pangkabuhayan at emergency employment. Simula noong 2016, Mr. President, nakapagbigay na tayo ng livelihood assistance sa 434,493 beneficiaries at emergency employment or TUPAD sa 5,427,000 na manggagawa.

Isa din po ang DOLE sa mga ahensya ng gobyerno na naghatid ng tulog sa ating mga kababayan na sinalanta ng iba't ibang kalamidad mula sa bagyo, baha, lindol, giyera, at pagsabog ng bulkan, naihatid po natin ang ating mga serbisyo sa ating mga kababayang Pilipino.

Upang matugunan ang ibang pangangailangan ng mga manggagawa, minarapat ng aming kagawaran na ilapit ang aming serbisyo at programa sa pamamagitan ng DOLE Hotline 1349, OFW Command Center, DOLE Command Center, at ang 72-hour policy na inyong inutos, Mr. President.

Dahil sa mahusay na serbisyo publiko, nabigyan tayo ng pagkilala bilang Freedom of Information Champion at Freedom of Information Hall of Famer noong year 2020. At sa nakaraang dalawang sunod na taon, unqualified po ang nakuha nating audit opinion sa COA.

Maliban sa mga naunang nabanggit, tinugunan din ng kagawaran ang pangmatagalang reporma sa pamamagitan ng mga bagong batas. Sa administrasyong ito, hindi bababa sa sampung mahahalagang batas sa paggawa ng Kongreso at inaprubahan ninyo --- inaprubahan niyo po, Mr. President.

Kabilang dito ang Expanded Maternity Act. Dito po 'yung nagtaas ng maternity leave from 60 days to 105 days up to 130 days, Mr. President. At dito maganda, Mr. President, kasi dati ang maternity leave is only applicable to a maximum of five children. Under this Expanded Maternity Act, Mr. President, kahit ilan na ang anak mo, entitled ka na sa maternity leave. Kasama po diyan, Mr. President, ang Occupational Safety and Health Law at ang Telecommuting Act na lubos na nakakatulong ngayon sa panahon ng pandemya.

Upang tulungan ang mga manggagawang apektado ng COVID-19, ipinatupad po ng DOLE ang CAMP, ito 'yung COVID-19 Adjustment Measures Program; TUPAD, Tulong Panghanapbuhay Sa Mga Disadvantaged; AKAP o 'yung Abot Kamay sa Pagtulong sa OFW; at ang Tabang OFW bilang bahagi ng Social Amelioration Program ng pamahalaan sa ilalim ng Bayanihan 1 and Bayanihan 2.

Namahagi po ang DOLE ng P5,000 bilang one-time na tulong pinansyal sa 2,085,000 apektadong manggagawa sa mga pribadong kompanya kasama na rito ang nasa industriya ng turismo at sektor ng edukasyon. Nasa 10,453,000,000 ang kabuuang halaga ang naipamahagi as of July 12, 2021.

Nabigyan din ng hanapbuhay ang mahigit 1,300,000 na manggagawang impormal, katumbas ng halagang 6.8 billion as of June 30, 2021. Natulungan din po natin ang MMDA at ang mga lokal na pamahalaan sa NCR para po makapag-hire ng mga contact tracers.

Sa ilalim ng AKAP, namahagi ang DOLE ng 10 pesos --- ah P10,000 or US$20 --- US$200 na tulong pinansyal sa 536,764 displaced OFWs na umabot na sa halagang 5,441,000,000 as of July 2021.

Sa pamamagitan ng OWWA ay natulungang makauwi under the repatriation program, Mr. President, at nabigyan ng tulong pinansyal, pagkain, accommodation, at transportation papunta sa kani-kanilang probinsiya ang 665,339 na apektadong OFWs. Ginugol po natin dito ang 18,600,000,000 na ibinigay ninyo.

Sa pakikipag-ugnayan sa iba-ibang ahensya, Mr. President, natulungan rin natin na maiuwi ang 896 OFW remains kasama na ito --- iyong namatay na 350 mula sa Kingdom of Saudi Arabia.

Mahal na Pangulo, sa isang Cabinet meeting, ewan ko kung matandaan ninyo while Chairman Popoy de Vera and I were talking, you asked us kung paano natin matulungan 'yung mga anak ng mga OFWs. And without our asking it, Mr. President, you gave us 1 billion --- 1 billion as scholarship assistance sa mga anak ng mga OFW na na-displace because of the pandemic.

Dito, Mr. President, we were able to assist 19,325 na anak ng mga OFW na na-displace because of the pandemic.

**PRESIDENT DUTERTE:** Bot, let me interrupt you. Ito ba 'yung tulong sa mga bata, what --- iyong 1 billion was enough to help all of the children ng OFW?

**SEC. BELLO:** Kulang pa, Mr. President, pero iyon na ang sinabi ko 'yung sinabi ko na nakatulong tayo ng 19,000 plus, Mr. President. Ito 'yung mga college student na anak ng mga OFWs.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay. Mga anak lang ng OFW? Okay. Kung talagang tutulong lang naman tayo, todohin na natin. If I will give you mga 3 billion, would you think that it would make a difference in the number of students of OFWs now enrolled in schools?

**SEC. BELLO:** Malaking tulong 'yun, Mr. President, kung allotted 3 billion.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay, I'd look for the money. Iyan, 'yang katabi mo si --- si Executive Secretary, mabigay ba natin 'yan?

**EXECUTIVE SECRETARY SALVADOR MEDIALDEA:** We will inquire from the DBM po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maghanap ka para matulungan, nakakaawa eh.

**EXECUTIVE SECRETARY MEDIALDEA:** We will do that, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** At saka 'yung --- tama 'yun, iyong para na hindi na mag-ano 'yung iba, mahinto ang pag-aaral, ayan papasok na kung ano-anong --- anong istilo sa buhay.

So if you make it about 3 billion, I think marami na 'yang matulungan sa public schools, minimal lang naman ang gastos diyan. And those who are in college, well, you can use the 3 billion, paikutin mo sa kanilang lahat and kung if need be, kung kulang, then we will increase the amount in time. Over time we will see how it develops. We have to get the results also.

Only those that are studying na may puso mag-aral. Iyong mga hindi --- ayaw mag-aral, tapos sige lang kayo enroll nang enroll, ay imo-monitor ko kayo. Huwag na kayong mag-aral, gawain na ninyo ano gusto ninyo sa buhay. But I will try to go as far as 3 billion in the --- in God willing another time so that we can make an impact on the --- 'yung hardships of the OFW. Salamat.

**SEC. BELLO:** Thank you very much, Mr. President. Malaking tulong 'yan po sa mga college student ng mga OFWs who were displaced because of COVID-19.

Ngayon, Mr. President, ito 'yung mga sinasabi nung natulungan natin, lubos na nagpapasalamat ang ating mga kababayan tulad ni Ms. Candy Nase na naging TUPAD beneficiary, si Ms. Carmelita [Wi?] ng Grand Astoria Hotel na nabigyan ng CAMP tourism assistance ang kanilang mga manggagawa, and Mr. Rey Ferrer na dating OFW na nakatanggap ng 10,000 as DOLE AKAP. We also have Ms. Gloria Mae [Cumat?] OFW dependent na nabigyan, ito na po 'yung galing sa inyo, Mr. President, na 1 billion, nabigyan ng educational assistance sa halagang 30,000 under the TABANG OFW.

At napakarami pang mga OFWs ang na-repatriate dahil sa iba't ibang panig ng mundo at malaki po ang kanilang pasasalamat sa inyo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Bot, is there a follow-up of a monitor made by your department itong mga natulungan at gustong magkakaroon ng, well, a capital so to 'yung binibigay natin? Mayroon kayong ano diyan --- mayroon kayo --- do you have a follow-up study or whatever that would make sure that the money is not...? What I'm saying is that the money is not --- ang pera hindi na wasted --- ang Tagalog ko limitado.

**SEC. BELLO:** Ah, Mr. President...

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi nasayang...

**SEC. BELLO:** …aside from this ano --- this TABANG OFW Fund na nabigay ninyo, mayroon talagang reintegration program ang OWWA. Ito naman ay kabuhayan --- pangkabuhayan, Mr. President. At saka by the way, Mr. President, I'd like to inform you na lahat ng mga OFW members ay entitled to a scholarship certificate ng kanilang anak. Mayroon silang 10,000 a year for their children, mga --- lahat ng mga OFW, 'yung mga active OFW members, Mr. President. Iyan po.

**PRESIDENT DUTERTE:** I'm happy to hear it.

**SEC. BELLO:** Mahal na Pangulo, ipinatayo --- ito po, Mr. President, ipinatayo natin ang kauna-unahang OFW Hospital and Diagnostic Center sa bansa. Sa pagtutulungan ng lokal na pamahalaan ng Pampanga, ang private sector kagaya ng Bloomberry Foundation, PAGCOR, DOH, and DOLE, inaasahan po namin na matatapos ang construction bago matapos ang taon at maging fully operational bago matapos ang inyong pamumuno, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Bot, do you have the money to --- do you have the money to set up this center pati 'yung mga equipment and all? Those are the ones that would be very expensive. Iyong 'yung mga sa loob ng ospital ang medyo magastos: MRI, CT scan, and all of those things that --- that iyong mga bagay na para makatulong sa pag-diagnose ng isang pasyente or isang OFW na pumunta doon.

I guess that ang pupunta naman doon talaga 'yung those who will take parang refuge diyan ay 'yung may mga sakit. Tanungin kita, is that hospital only good for OFW?

**SEC. BELLO:** Yes, Mr. President, and their dependents kasama ang pamilya nila, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Not open to the general public? I mean if you are not an OFW, for example, if you are a policeman, can you go there and...?

**SEC. BELLO:** You will be allowed, Mr. President, kaya lang hindi libre. For the information, Mr. President, itong hospital na ito, ang nag-donate ng lupa worth 500 million ay ang Provincial Government of Pampanga. Iyong cost nung building, Mr. President, was donated by Bloomberry worth 600 million and --- 600 million pesos, Mr. President. Tapos ang PAGCOR naman nagbigay ng 200 million for the medical equipment. Nagtulungan po dito ang DOH, Mr. President, siyempre sila ang may expertise on medical ano matters.

**PRESIDENT DUTERTE:** DOH cannot forever be supplying. Hospital --- 'yung hospital equipment kasi they are overstretched now sa pandemic and I'm sure that kung may maitulong man sila, kaunti siguro but I do not think the Department of Health has the resources to even to contribute na malaki.

Iyong maitulong lang siguro and, of course, the technical know-how, that would be under the Department of DOH. Pero sa ano, sa pera, medyo hirap ngayon ang DOH kasi sa pandemic.

**SEC. BELLO:** Mr. President, regarding the medical equipment and --- nagbigay po ang PAGCOR ng 200 million. Nasa amin na 'yung pera, Mr. President, kaya lang hindi namin magamit pa. We cannot conduct a --- 'yung bidding because we don't have the executive --- we are --- we submitted to you, Mr. President, a proposed executive order to create that hospital, official hospital, OFW hospital. And there is a bill already pending in Congress for the creation of that OFW hospital.

I'd like to tell you something and I'd like to tell the public. Alam ba ninyo na halos lahat ng ahensya ng gobyerno, the executive department, may flagging? Hindi lang 'yang City Health mo, pati kay… Iyong sa kay Greg Honasan na-flag, si Secretary Galvez nag-flag, siguro ang si ano, si Secretary Bautista na-flag. *[Official: inaudible]* Ha? Kaya nga.

Ngayon ang gusto kong tanong nito sa mga ano, mga senador, bakit hindi ninyo imbestigahan lahat? Lahat na na na-flag. Marami ang na-flag, hindi lang ang DOH. Kaya lang ang DOH high-profile because of the COVID situation.

Pero kung walang COVID, hindi ma-highlight 'yan. At saka alam mo sa totoo lang, Secretary Duque, I would not sit beside you now kung alam ko na may kalokohan ka. We will discuss this, I said, into one. Iyong iyo 'yung unspent 63 billions?

**SEC. DUQUE:** Yes, sir. Part of it, sir, 11.8 billion.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oh, 11.8 billion. Iyon ang nirereklamo ng mga senador bakit hindi nagamit. At 'yung isang imbestigasyon naman, 'yung sa procurement. Ibahin natin ito mamaya.

So ito lang ang sinasabi ko, ilan 'yang --- 'yang… Mag-bidding ka, Bot, bantay ka diyan, ma-flag ka na naman. So you are a flag carrier of this government. Lahat fina-flag. Ang proble…

You know, ganito sana ang maganda. This is just a suggestion to government, to the Ombudsman, to COA, na I respectfully suggest na 'yung preliminary investigation, 'yung resulta, especially the exit conference --- 'di ba mayroon niyan? I'm sure you know that, lahat tayo dumaan diyan eh --- kung maganda naman na hindi naman na ano, it should be kept not sub rosa but hindi na ipalabas sa media and… Alam mo na mahilig, "Oh ito, paputukin mo 'to." Ganoon eh. So maaari lang na hindi --- hindi na nila mai-ano, ang final result na lang.

Kasi kagaya nitong ni Secretary Duque, may --- ginugulo ninyo ang tao, nagtatrabaho. Tapos ang reklamo lang ninyo hindi nagastos. Huwag mo siyang pakialaman. Iyan ang --- do not run… I'm telling these senators now: Do not run the departments. Huwag kayong mag-

imbestiga na kayo-kayo lang magsabi ng ganoon, ganito, ganito. You would like to run government, the departments the way you want it? Or is it because you want the publicity?

Marami eh. Maraming na-flag. There are about almost everybody na-flag. So ‘yan ang ano. Namimili eh. Ma --- bakit ba si Secretary Galvez na-flag ka rin?

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Yes, sir, 1.4 million lang sir. Though unqualified, sir, ‘yung ano, unqualified ‘yung report pero binago ng Rappler ‘yung ano, ‘yung ano, sir, ‘yung report.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah basta dumating diyan, basta bitawan sa media, talagang sisirain ka. Iyan ang… Someday, kung kayo… Alam mo, marami ring nademanda sa COA. Karamihan niyan bribery and falsification na kung may tulungan sila na isang government ano treasurer, auditor, tuturuan nila ‘yan kung paano gawin para malusot. So not everybody here is really without sin. Ganoon ‘yan.

So dapat ‘yung kanila, iyon ‘yung mga kaso sa ano sa Ombudsman, dapat i-publish din. But there’s a law which says that you cannot do that and we should respect that because that is for everybody.

But kayo, on your own, why don’t you publish the number of criminal cases filed against employees of the auditing office, itong GAO – General Auditing Office involving corruption also? Mas masahol ‘yang ano kasi --- eh bribery eh. Tinutulungan pa ninyo mag-falsify, mag-fraud.

Lahat tayo dito. Kaya ‘yung kung flag-flag lang, sabihin ko sa mga --- itong si Senator Gordon, adre, paki-flag na lahat at imbestigahan mo. Tingnan natin kung may panahon ka pa mag-exercise. My advice to you is to reduce your… Ako ang nabibigatan --- biga --- nabibigatan sa iyong magtingin ako.

Tapos na, Bot? Sige, go ahead.

**SEC. BELLO:** Mr. President, makikita po ninyo sa larawan ang kasalukuyang construction ng OFW hospital. Naendorso na po namin sa Kongreso at Senado ang panukalang batas para sa OFW hospital.

Samantala, kagaya nang nasabi ko kanina, Mr. President, nagsumite po na din kami ng panukalang executive order sa pagtatayo ng OFW hospital para ma-start na namin ‘yung bidding nung medical equipment, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Do you need a budget for that? Do you need money from government? From a new --- an entirely new budget?

**SEC. BELLO:** Wala, wala. Iyong budget na kakailanganin natin for the OFWs, the operational budget, ‘yung magtatrabaho po diyan, Mr. President. Pero ‘yung ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyong ---

**SEC. BELLO:** --- sa construction, wala po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah, okay.

**SEC. BELLO:** Pati 'yung equipment binigay ng PAGCOR 'yung 200 million, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Gratis?

**SEC. BELLO:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Maganda.

**SEC. BELLO:** Atin pong pinagtutuunan ng pansin ang mahalagang kontribusyon ng ating mga healthcare workers kaya't atin pong iminungkahi na maging prayoridad o kaya may masertipikahang bilang urgent measure ang mga panukalang batas para sa mga healthcare workers sa pribadong sektor.

Mr. President, sa paglagda po ninyo ng Executive Order No. 140, 2021, Adopting the National Employment Recovery Strategy and Reinforcing Job-Generating Programs through the NERS Task Force, katuwang ang Employers Confederation of the Philippines ay naglunsad ng reform, rebound, and recover 1 million jobs sa nalalabing apat na buwan ng 2021.

Pangunahing hiling ng private sector, Mr. President, na matulungan ang kanilang mga manggagawa na mabakunahan agad. Kaya kami po ay nagpapasalamat kay Secretary Galvez, our vaccination --- vaccine czar ng Task Force against COVID --- sa pagtugon niya sa aming kahilingan na maglaan ng paunang 452,000 vaccine sa hanay ng mga manggagawa sa construction and manufacturing sectors. Susi po sa ligtas na pagbubukas ng ekonomiya ay ang ligtas na pagawaan, malusog na manggagawa at mamamayan.

Bago po ako magtapos, Mr. President, nais ko pong sabihin sa inyo na nakamit natin ang pangkalahatang industrial peace sa kabila ng mga hamon ng panahon. Ating pamana ay disenteng trabaho para sa lahat.

Iyan lamang po, mahal na Pangulo. At ngayong Araw ng mga Bayani, kami po ay nagpupugay sa mga bagong bayaning OFWs at sa lahat ng magigiting --- magigiting na manggagawa, Pilipinong manggagawa.

Maraming salamat po sa inyo, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Second the motion ako doon sa pagpuri mo sa ating mga kababayan na naghihirap sa labas para matulungan ang pamilya nila at matulungan ang bayan.

I don't know if I will read this. Can you wait, Secretary Duque? Tutal itong programa na ito hati-hati man 'to eh.

The highest single COVID-19 tally. August 30, today, the Philippines recorded its highest single-day COVID tally since the pandemic at more than 22,000 new cases. Anak ng…

